ARALIN 57

1. Bakit napagod si Jesus?
-Bagamat si Jesus ay ganap na Diyos, Siya rin ay ganap na tao.

2. Paano nagawa ni Jesus na utusan ang hangin at ang dagat na huminto?
-Dahil si Jesus ay Diyos.

3. Bakit kinailangan ng hangin at dagat na sumunod kay Jesus?
-Dahil si Jesus ang lumikha ng hangin at dagat.

4. Nailigtas ba ng lalaking sinasaniban ng demonyo ang kanyang sarili mula sa kapangyarihan ng lahat ng demonyong kumokontrol sa kanya?
-Hindi.

5. Nailigtas ba ng iba ang taong ito mula sa kapangyarihan ng lahat ng mga demonyong kumokontrol sa kanya?
-Hindi.

6. Paano natin malalaman na kinasusuklaman tayo ng mga demonyo?
-Dahil pinilit ng mga demonyo ang lalaki na tumira sa mga kweba kung saan nakalibing ang mga tao.
-Dahil pinilit ng mga demonyo ang lalaki na sugatan ang kaniyang sarili.

7. Sino ang pinuno ng lahat ng mga demonyo?
-Si Satanas.



8. Sino ang mas dakila kaysa kay Satanas at sa kanyang mga demonyo?
-Si Jesus na Diyos.

9. Habang ang lahat ng mga baboy ay namatay, bakit ang mga demonyo ay hindi namatay?
-Dahil ang mga demonyo ay mga espiritu.

-Dahil ang mga demonyo ay walang katawan tulad ng mga tao o hayop.

10. Sino ang nagpalaya sa tao mula sa pagkaalipin ng mga demonyo?
-Si Jesus.

-Pagkalipas ng ilang oras, si Jesus at ang kanyang mga alagad ay tumawid sa malayong pampang ng Lawa ng Galilea.

Basahin natin ang Juan 6:1-2

1-Pagkatapos ng mga bagay na ito, pumunta si Jesus sa kabilang pampang ng dagat ng Galilea, na siya ring Dagat ng Tiberias.
2-Sumusunod sa kanya ang napakaraming tao sapagkat nakita nila ang mga tanda na ginagawa niya sa mga maysakit.

-Bakit sinundan ng malaking bilang ng tao si Jesus?

-Dahil gusto nilang makita ang higit pa sa mga mahimalang tanda na ginawa ni Jesus sa mga may sakit.

Basahin natin ang Juan 6:3

3-Umakyat si Jesus sa bundok at doo'y naupo siya na kasama ng kanyang mga alagad.

-Bagaman si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay umakyat sa isang bundok, ang malaking bilang ng tao ay sumunod sa Kanya.

-Ang mga tao ay napakarami na mayroong higit sa limang libo ang bilang.

-Pagkatapos, tinanong ni Jesus ang isa sa Kanyang mga disipulo, si Felipe, ng isang tanong.

Basahin natin ang Juan 6:5-7

5-Itinanaw ni Jesus ang kanyang mga mata, at nang makita niya ang napakaraming taong lumalapit sa kanya ay sinabi niya kay Felipe, "Saan tayo makakabili ng tinapay, upang makakain ang mga taong ito?"
6-Ito'y sinabi niya upang siya'y subukin sapagkat nalalaman niya sa kanyang sarili kung ano ang gagawin niya.
7-Sumagot sa kanya si Felipe, "Hindi magkakasiya sa kanila ang dalawang daang denariong tinapay, upang makakain ng kaunti ang bawat isa."

-Bakit tinanong ni Jesus ang tanong na ito kay Felipe?

-Nais ni Jesus na subukin si Felipe, dahil alam na ni Jesus kung ano ang Kanyang gagawin.

Basahin natin ang Juan 6:8-9



8-Si Andres, na kapatid ni Simon Pedro, isa sa kanyang mga alagad ay nagsabi sa kanya,
9-"May isang batang lalaki rito na mayroong limang tinapay na sebada at dalawang isda, subalit gaano na ang mga ito sa ganito karaming mga tao?"

-Hindi alam ng mga alagad ni Jesus kung paano nila papakainin ang lahat ng tao.

-Ito ang sinabi ni Jesus sa kanila:

Basahin natin ang Juan 6:10-13

10- Sinabi ni Jesus, "Paupuin ninyo ang mga tao." Madamo sa dakong iyon, kaya't umupo ang mga lalaki na may limang libo ang bilang.
11-Kinuha ni Jesus ang mga tinapay at nang makapagpasalamat ay ipinamahagi niya sa mga nakaupo. Binigyan din sila ng mga isda hanggang gusto nila.
12-Nang sila'y mabusog ay sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Tipunin ninyo ang mga pinagputul-putol na lumabis upang walang anumang masayang."
13-Kaya't kanilang tinipon ang mga ito at nakapuno ng labindalawang kaing ng mga pinagputul-putol na limang tinapay na sebada na lumabis sa mga kumain.

-Pagkatapos magpasalamat ni Jesus sa Diyos Ama, pinagputol-putol Niya ang mga tinapay at ang mga isda, at ibinigay sa mga alagad upang ibigay sa mga tao.

-Nang sinimulan ni Jesus na pakainin ang mga tao, ilang tinapay at ilang isda ang mayroon Siya?

-Limang tinapay at dalawang isda.

-Ilang tao ang pinakain ni Jesus ng limang tinapay at dalawang isda?

-Higit sa limang libong tao.

-Paano nagawang pakainin ni Jesus ang mahigit limang libong tao ng limang tinapay at dalawang isda?

-Dahil si Jesus ay Diyos.
-Dahil kayang gawin ni Jesus ang anuman.

-Pagkatapos kumain ng lahat ng mga tao, ano ang kanilang sinabi?

Basahin natin ang Juan 6:14-15

14-Nang makita ng mga tao ang tandang ginawa niya ay kanilang sinabi, "Totoong ito nga ang propeta na darating sa sanlibutan."

15-Nang mahalata ni Jesus na sila'y lalapit at pipilitin siyang gawing hari, siya'y muling umalis na nag-iisa patungo sa bundok.

-Bakit gusto ng mga tao na gawing hari si Jesus?

-Dahil gusto nilang bigyan sila ni Jesus ng pagkain sa lahat ng oras.

-Nais ba ng mga tao na iligtas sila ni Jesus mula sa kasalanan, kamatayan, at kay Satanas?
-Hindi.



-Ang iniisip lamang nila ay ang kanilang mga tiyan.

-Bakit ayaw ni Jesus na maging hari ng mga tao?

-Dahil alam ni Jesus na ang puso ng mga tao ay masama.
-Dahil alam ni Jesus na gusto lamang Siya ng mga tao na bigyan sila ng pagkain.

-Dahil sa mga tao, umalis si Jesus nang mag-isa.

-Pagsapit ng gabi, sumakay ang mga alagad ni Jesus sa isang bangka, at nagsimulang tumawid sa dagat ng Galilea.

Basahin natin ang Juan 6:16-21

16-Pagsapit ng gabi, lumusong ang kanyang mga alagad sa dagat.

17-Sumakay sila sa isang bangka at pinasimulan nilang tawirin ang dagat hanggang sa Capernaum. Madilim na noon at hindi pa dumarating sa kanila si Jesus.

18-Lumalaki ang mga alon sa dagat dahil sa malakas na hanging humihihip.

19-Nang sila'y makasagwan na ng may lima hanggang anim na kilometro ay kanilang nakita si Jesus na lumalakad sa ibabaw ng dagat at papalapit sa bangka. Sila'y natakot,

20-Subalit sinabi niya sa kanila, "Ako ito; huwag kayong matakot."

21-Kaya't malugod siyang tinanggap nila sa bangka at kaagad na dumating ang bangka sa lupang kanilang patutunguhan.

-Bakit natakot ang mga disipulo?

-Dahil nakita nila si Jesus na lumalakad sa ibabaw ng tubig patungo sa kanila.

-Makakalakad ba ang sinuman sa tubig?
-Hindi.

-Si Jesus lamang ang nakalakad sa tubig.
-Walang ibang katulad ni Jesus.

-Dahil nilikha ni Jesus ang dagat, Siya ay nakalakad sa dagat.

-Dahil si Jesus ay Diyos, magagawa Niya ang anumang Kanyang pipiliin.

-Pagkatapos, pumunta ang mga tao upang hanapin si Jesus.

Basahin natin ang Juan 6:22-25

22-Kinabukasan ay nakita ng mga taong nakatayo sa kabilang pampang ng dagat na doo'y walang ibang bangka maliban sa isa. Nakita rin nila na hindi sumakay sa bangka si Jesus na kasama ng kanyang mga alagad, kundi ang kanyang mga alagad lamang ang umalis.
23-Gayunman, may mga bangkang dumating mula sa Tiberias malapit sa pook na kanilang kinainan ng tinapay, pagkatapos na makapagpasalamat ang Panginoon.
24-Nang makita ng mga tao na wala roon si Jesus, o ang kanyang mga alagad man, sumakay sila sa mga bangka at dumating sa Capernaum na hinahanap si Jesus.
25-Nang siya'y kanilang makita sa kabilang pampang ng dagat, kanilang sinabi sa kanya, "Rabi, kailan ka dumating dito?"



-Bakit hinahanap ng mga tao si Jesus?

-Dahil gusto nilang bigyan Niya sila ng mas maraming pagkain.

-Alam ba ni Jesus kung bakit sila sumusunod sa Kanya?
-Oo.

-Ano ang sinabi ni Jesus sa mga tao?

Basahin natin ang Juan 6:26-27

26-Sinagot sila ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ako'y inyong hinahanap hindi dahil sa nakakita kayo ng mga tanda, kundi dahil sa kayo'y kumain ng tinapay, at kayo'y nabusog.
27-Huwag kayong magsumikap nang dahil sa pagkaing nasisira, kundi dahil sa pagkaing tumatagal para sa buhay na walang hanggan na ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao, sapagkat sa kanya inilagay ng Diyos Ama ang kanyang tatak."

-Sinabi ni Jesus sa mga tao na hinahanap nila Siya dahil binigyan Niya sila ng pagkain.

-Pagkatapos ay sinabi ito ni Jesus:

-"Huwag kayong magsumikap nang dahil sa pagkaing nasisira, kundi dahil sa pagkaing tumatagal para sa buhay na walang hanggan."

-Ang ibig bang sabihin ni Jesus ay mali na magtrabaho para sa ating pagkain?
-Hindi.

-Lahat tayo ay dapat magtrabaho para sa pagkain.

-Ano ang ibig sabihin ni Jesus?

-Sinabi ni Jesus na mas mahalagang isipin ang espirituwal na pagkain kaysa pisikal na pagkain.

-Sinabi ni Jesus na mas mahalaga ang paggawa para sa espirituwal na pagkain kaysa pisikal na pagkain.

-Ano ang espirituwal na pagkain na dapat nating pagsikapan?
-Ang Salita ng Diyos.

-Pagkatapos ay tinanong ng karamihan si Jesus.

Basahin natin ang Juan 6:28-29

28-Sinabi nila sa kanya, "Ano ang kailangan naming gawin upang aming magawa ang mga gawa ng Diyos?"
29-Sumagot si Jesus sa kanila, "Ito ang gawa ng Diyos na inyong sampalatayanan ang kanyang sinugo."

-Ano ang itinanong ng mga tao kay Jesus?

-Tinanong nila si Jesus kung anong gawain ang dapat nilang gawin upang maging kalugud-lugod sa Diyos.

-Ano ang tugon ni Jesus?

-Sumagot si Jesus na ang tanging gawain na nakalulugod sa Diyos ay ang maniwala kay Jesus.



-Tinanggap ba ng mga tao ang sinabi ni Jesus?
-Hindi.

Basahin natin ang Juan 6:30-31

30-Sinabi naman nila sa kanya, "Ano ngayon ang tanda na iyong ginagawa na aming makikita upang sumampalataya kami sa iyo? Ano ang iyong ginagawa?
31-Ang aming mga ninuno ay kumain ng manna sa ilang, gaya ng nasusulat, 'Kanyang binigyan sila ng tinapay na galing sa langit upang kanilang makain.'"

-Sinasabi ng mga tao na tulad ng pagbibigay ni Moises sa mga Israelita ng manna araw-araw sa disyerto, gusto nilang bigyan sila ni Jesus ng tinapay araw-araw.

-Ano ang isinagot ni Jesus sa kanila?

Basahin natin ang Juan 6:32-33

32-Kaya't sinabi sa kanila ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit kundi ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit.
33-Sapagkat ang tinapay ng Diyos ay ang bumababang mula sa langit at nagbibigay ng buhay sa sanlibutan."

-Binigyan ba ni Moises ng tinapay ang mga Israelita sa disyerto?
-Hindi.

-Sino ang Isa na nagbigay ng tinapay sa mga Israelita sa disyerto?
-Ang Diyos.

-Sinabi ni Jesus na ang Diyos Ama ang Siyang nagbigay ng tinapay sa mga Israelita sa disyerto.

-Sinabi din ni Jesus na kung paanong ang Diyos Ama ay nagbigay sa mga Israelita ng tinapay mula sa langit sa disyerto, gayon din naman ang Diyos Ama ay nagbibigay sa kanila ng tunay na tinapay mula sa langit.\

-Sino ang tunay na tinapay mula sa langit na ibinibigay ng Diyos Ama?

-Si Jesus.

-Paanong si Jesus ay katulad ng manna na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita sa disyerto?

-Tulad ng manna na nagmula sa langit, gayon din si Jesus ay nagmula sa Langit.

-Kung paanong ang manna ay ibinigay lamang ng Diyos, gayon din si Jesus ay ibinigay lamang ng Diyos.

-Tulad ng pagkamatay ng mga Israelita nang walang manna, mamamatay din ang mga tao nang wala si Jesus.

-Naiintindihan ba ng mga tao?

Basahin natin ang Juan 6:34

34-Sinabi nila sa kanila, “Panginoon, lagi mo kaming bigyan ng tinapay na ito.”



-Hindi naintindihan ng mga tao.

-Akala ng mga tao na ang tinutukoy ni Jesus ay tinapay para sa kanilang katawan.

-Si Jesus ba ay nagsasalita tungkol sa tinapay para sa kanilang mga katawan?

-Hindi.

-Si Jesus ay nagsasalita tungkol sa tinapay para sa kanilang espiritu.

Basahin natin ang Juan 6:35

35-Sinabi ni Jesus sa kanila, “Ako ang tinapay ng buhay. Ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin ay hindi kailanman mauuhaw.”

-Sinabi ni Jesus na Siya ay espirituwal na tinapay mula sa langit.

-Kung ang isang tao ay hindi kumain, sila ba ay mamamatay?
-Oo.

-Tulad ng mga tao na mamamatay kung hindi sila kakain, kung hindi tayo naniniwala kay Jesus bilang ang tanging tinapay para sa ating espiritu, tayo rin ay mamamatay.

-Kung naniniwala tayo kay Jesus, ang ating espiritu ay hindi na muling magugutom.